

**ONE
HOUR
BIBLE
STUDY**

SA KANYANG KAGILAGILALAS NA LIWANAG



www.OneHourBibleStudy.com

Ang bukas ng iyong mga
salita ay nagbibigay ng
liwanag; nagbibigay ng
unawa sa walang muwang.

Awit 119:130

Sa Paghahanda

Ang sumusunod na pag-aaral sa Bibliya ay inihanda upang ipaliwanang ang plano ng kaligtasan sa isang simple, isang aralin na pinaikling anyo na may guro upang gabayan ang talakayan o sa pamamagitan ng sariling pag-aaral. Kung ninanais, maari itong hatiin sa dalawang bahagi sa pamamagitan ng maikling pahinga sa pagitan ng bawat isa sa dalawang 30 minutong sesyon. Ang isang inirerekomendang lugar para sa maikling pahinga ay pagkatapos ng seksyong.”Sa Mga Ebanghelyo.“

Ang bawat kalahok na mag-aaral ay dapat magkaroon ng kopya ng pag-aaralan kasama ang Bibliya (piliin ang King James Version) at panulat o lapis. Habang binabasa ang bawat banal na kasulatan, hinihiling sa mag-aaral na makibahagi, kung minsan sa pamamagitan ng pagkumpleto ng “punan ng tamang sagot” o pagtugon sa katanungan. Ang mga karagdagang komento at karagdagan sa banal na kasulatan (itinalaga sa buong teksto sa pamamagitan ng maliit na numero sa panaklong) ay ibinibigay sa pahina 14 para sa karagdagang ng malalim na pag-aaral sa ibang pagkakataon.

Nawa’y iminumungkahi din namin na ang lahat ng mga kalahok ay maglaan ng ilang sandali upang humingi ng tulong sa Panginoon na maunawaan ang kanyang Salita, tulad ng ginawa ni Haring David noong siya’y nananalangin, “Idilat mo ang aking mga mata, upang ako’y makakita ng kagilagilalas na mga bagay sa iyong kautusan. Nawa’y pagpalain ng Diyos habang magkasama tayong naglalakbay “sa Kanyang kagilagilalas na kaliwanagan.”

Upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang kagilagilalas na kaliwanagan.” — 1 Pedro 2:9

Pambungad

Kapag naglalakad palabas ng isang madilim na silid patungo sa pagsikat ng araw, ang liwanag ay maaaring nakakabulag. Habang nakasanayan na ng ating mga mata ang liwanag, mas malinaw nating makikita at masisiyahan ang mga tanawing nakapaligid sa atin. Gayundin, kapag tinitingnan natin ang liwanag sa banal na Kasulatan, ang liwanag ng katotohanan ay minsan nakakasakit. Gayunpaman, habang ang ating espirituwal na paningin ay isinaayos tayo ay masisiyahan na “lumakad sa liwanag.”

Ang pag-aaral ng Bibliya na ito ay idinisenyo upang payagan tayo sa “paglakad” sa kagilagilalas na kaliwanagan ng Salita ng Diyos. Maglalakbay tayo sa Banal na Kasulatan sa pamamagitan ng pag-iisip na tayo ay nasa mga panahon ni Jesus at ng mga Apostol, nakikinig sa kanila na nagtuturo at nangangaral ng plano ng kaligtasan. Upang magawa ito, mag-iingat tayo na “magbahagi ng salita ng katotohanan” (2 Timoteo 2:15) sa pamamagitan ng pagtutuon sa mga katangian ng tatlong pangunahing bahagi ng Bagong Tipan ayon sa pagkakasunod-sunod, kabilang ang:

1. ANG EBANGHELYO

Sinasaklaw ang mga salita at mga gawa ni Jesucristo.

2. ANG MGA GAWA NG MGA APOSTOL

Sinasaklaw ang mga kilos at pangangaral ng mga Apostol.

3. ANG MGA SULAT

Sinasaklaw ang mga liham ng isinulat ng mga Apostol sa mga iglesia na sinimulan sa Aklat ng Mga Gawa.

Naniniwala kami na ang banal na Kasulatan ay inspirasyon ng Diyos at “walang pribadong interpretasyon” (2 Pedro 1:20, 21). Samakatuwid, ang lahat ng pagsisikap ay ginawa upang iharap ang dalisay na Salita ng Diyos na walang pagdaragdag o pagkuha sa mga turo nito. (Deuteronomio 4:2; Kawikaan 30:5,6). Hindi namin layunin na bawasan ang anumang personal mong relasyon sa ating Panginoon. Hindi rin namin nais na patunayan sa iyo ang aming mga personal na ideya o mga kredo ng anumang denominasyon. Nais lang naming ibahagi ang katotohanan ayon sa nakasulat.

Sa pamamagitan lamang ng pag-angkin sa Bibliya bilang ang tanging awtoridad natin makakapanalig ang sinuman sa atin sa ating kaligtasan, sapagkat ito ang Salita ng Diyos at hindi ang mga tradisyon ng mga tao ang hahatol sa ating lahat sa bandang huli.

Basahin natin ang 2 Timoteo 3:15,16 habang sinisimulan natin ang ating paglalakbay sa Salita ng Diyos...

ANG EBANGHELYO

Juan 1:1-5,14

Ang _____, na nasa simula, at naging Diyos, nagkatawang-tao. Si Jesuscristo ang Buhay na Salita ng Diyos.

Juan 1:11-13

Kung tayo ay naniniwala sa Kanya at tinatanggap Siya, binigyan tayo ni Jesus ng kapangyarihan upang maging mga anak ng _____ sa kahima-himala na kapanganakan. Nagsalita pa siya tungkol sa bagong kapanganakan isang gabi sa isang pinuno ng mga Hudyo...

Juan 3:1-8

Sinabi ng Panginoon kay Nicodemo na ang lahat ng gustong makakita o pumasok sa kaharian ng Diyos ay dapat ipanganak na muli ng _____ at ang _____.

Juan 3:16-21

Sinabi rin ni Jesus kay Nicodemo na ang sinumang _____ sa Kanya ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Binaggit ni Jesus ang dalawang tila magkaibang pangangailangan para sa kaligtasan, ang isa ay ipinanganak na muli, ang isa ay pananampalataya. Gayunpaman, hindi ito kontradiksyon. Ang susunod sa banal na kasulatan ay nagpapaliwanag kung paano ang pananampalataya ay may kaugnayan sa karanasan ng kapanganakan ng Espiritu.

Juan 7:38,39

Dito naming natuklasan na kung naniniwala kami sa Kanya ay matatanggap naming ang kanyang _____. Nalaman natin na ang paniniwala sa banal na kasulatan ay higit pa sa pagbabago sa paraan ng ating pag-iisip. Ito rin ay nagresulta sa isang karanasan sa banal nakasulatan. Ang pananampalataya ay nag-uudyok sa atin na sumunod at ang pagsunod ay nagdudulot ng pagtanggap at pagpapala ng Diyos.

Juan 12:35,36 & 42,43

Ngayon, tulad ng sa araw ni Jesus, marami ang naniniwala sa Kanya. Ngunit, hindi nila _____ Siya dahil sa takot sa gagawin o sasabihin ng iba.

Juan 12:44-48(1)

Bilang tugon sa kanilang pagkatakot, nagbabala si Jesus na ang Kanyang _____ ay hahatulan tayo, kaya dapat tayong mag-ingat na huwag tanggihan ito. Sa halip, dapat tayong maniwala at sundin ito...anuman ang sabihin o gawin ng iba!

Juan 17:17-20(2)

Sa panalangin ni Jesus para sa Kanyang mga disipulo, bago ang Kanyang pagpapako sa krus, sinabi Niya na ang Salita ng Diyos ay _____. Nanalangin din siya para sa atin; at lahat ng naniniwala sa Kanya sa pamamagitan ng salita ng mga Apostol.

Upang malaman kung ano ang mensahe ng mga Apostol, basahin natin ang sinabi ni Jesus na ipahayag nila. Ang kahulugan ng mga sumusunod na dakilang komisyon sa banal na kasulatan sa Lucas 24:45-49(3) ay pagkatapos lamang ng kanyang kamatayan, libing at muling pagkabuhay, at bago ang Kanyang pag-akyat sa langit.

“Nang magkagayo’y binuksan niya ang kanilang pang-unawa, upang kanilang maunawaan ang mga banal na kasulatan, At sinabi niya sa kanila, Ganyan ang pagkasulat, na kinakailangang maghirap ang Cristo, at magbagong muli sa mga patay sa ikatlong araw: At ipangaral sa kaniyang pangalan ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa lahat ng mga bansa, magbuhat sa Jerusalem. Kayo’y mga saksi ng mga bagay na ito. At narito, ipadala ko sa inyo ang pangako ng aking Ama, datapuwa’t magsipanatili kayo sa bayan, hanggang sa kayo’y masangkapan ng kapangyarihang galling sa itaas.”

Mga Tanong:

Ipinangaral ba ng mga Apostol ang mensaheng iniutos sa kanila ni Jesus na ipahayag?

oo ___ hindi ___

Paano natupad ang pangako ng Ama?

Ipagpatuloy natin ang paglalakbay sa Salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagtingin sa ipinangaral at kung ano ang nangyari sa Jerusalem...

ANG MGA GAWA NG MGA APOSTOL

Mga Gawa 1:3-5

Sa pagpasok natin sa Aklat ng Mga Gawa, halos agad nating natuklasan na ang pangako ng Ama ay ang bautismo ng _____.

Mga Gawa 2:1-17

Nang ang mga Apostol ay nasa Jerusalem, sila, kasama ang marami pang iba, ay masayang nangapuspos ng Espiritu Santo at nangasimulang magsalita ng iba't-ibang _____ ayon sa ipinagkakaloob ng Espiritu na kanilang salitain, (ang inspirasyon na magsalita). Ang mga namangha na nanonood mula sa iba't-ibang bansa na nakarinig sa kanila na nagsasalita ng mga wika ay nagtanong, "Anong kahulugan nito?" Pagkatapos ay ipinaliwanag ni Pedro ang ipinangakong pagdating ng Espiritu at nagpatuloy na ipangaral si Cristo at ang orihinal na apostolikong plano ng kaligtasan.

Mga Gawa 2:36-39(4)

Nang ang mga taong nakarinig sa mga salita ni Pedro na si Jesucristo ang kanilang Panginoon at Tagapagligtas, sila ay nagsisisi sa kanilang mga kasalanan at tinanong si Pedro at ang mga Apostol kung ano ang dapat nilang gawin. Sumagot si Pedro sa pamamagitan ng pangangaral ng mensaheng iniutos ni Jesus na ipangaral sa Lucas 24:45-49. Sa liwanag nito, isaalang-alang ang tatlong elemento ng plano ng kaligtasan na ipinangaral ni Pedro sa talata 38:

1. Pagsisisi
2. Pagpapatawad ng mga kasalanan sa pamamagitan ng pagpa-bautismo sa pangalan ni Jesus.
3. Pagtangga ng kaloob ng Espiritu Santo.

Ngayon, tingnan natin ang iba pang mga halimbawa ng mga taong ipinanganak muli mula sa tubig at sa Espiritu habang ang Salita na ibinigay ni Jesus sa Kaniyang mga apostol ay patuloy na ipinangaral sa pamamagitan ng aklat ng Mga Gawa...

PAUNAWA:

Mga Gawa 2:38 ay ang katuparan ng dalawang "bagong kapanganakan" na inilarawan ni Jesus sa Juan 3:5 na kinakailangan upang makapasok sa kaharian ng Diyos!

Kapanganakan sa tubig = pagpapa-bautismo sa pangalan ni Jesucristo!
Kapanganakan ng Espiritu = pagpupuspos ng Espiritu Santo!

Felipe nangangaral sa mga Samaritano sa Gawa 8...

Sinasabi ng ilang mga tao na kapag sila ay nakaranas ng kagalakan, o nang sila ay naniwala kay Jesus, o kapag sila ay nabautismuhan, sila ay awtomatikong napuspos ng Espiritu Santo, ngunit ano ang sinasabi ng Salita?

Mga Gawa 8:5-8 Nagkaroon ba sila ng dakilang Kagalakan?
oo ___ hindi ___

Mga Gawa 8:12 Naniniwala ba sila kay Jesucristo? oo ___ hindi ___

Mga Gawa 8:14-17(5) Nabautismuhan ba sila sa Kanyang pangalan?
oo ___ hindi ___

Natanggap ba nila ang Espiritu Santo bilang isang hiwalay at natatanging karanasan? oo ___ hindi ___

Pedro nangangaral sa mga Griego sa Mga Gawa 10...

Sinasabi ng ilang tao na sapat na ang pagiging relihiyoso, o ang bautismo ng Espiritu na pinatunayan ng mga wika ay para lamang sa Araw ng Pentecostes. Kung sinasabi ng Bibliya na ito ay totoo, kung gayon ito ay totoo. Ngunit kung ang Salita ay nagpapakita sa atin sa pamamagitan ng karanasan ni Cornelio na ito ay hindi totoo...kung gayon hindi.

Mga Gawa 10:1,2 Si Cornelio ba ay isang relihiyosong tao?
oo ___ hindi ___

Mga Gawa 10:5,6(6) May higit pa bang dapat gawin ang Diyos?
oo ___ hindi ___

Mga Gawa 10:44-46 Natanggap ba nila ang Espiritu Santo at nagsalita sa mga wika pagkatapos ng araw ng Pentecostes? oo ___ hindi ___

Mga Gawa 10:47,48 Kailangan pa ba silang mabautismuhan sa pangalan ni Jesus? oo ___ hindi ___

Ipinangaral ni Pablo sa mga alagad ni Juan Gawa 19...

Maraming mga mananampalataya ang hindi man lang nakarinig tungkol sa Espiritu Santo na ipinangako sa kanila. Gayundin, sinasabi ng ilang tao na hindi kailangang magpabinyag o muling magpabinyag. (Kung ikaw ay binaustismuhan ni Juan Bautista, sa palagay mo ba ay kinakailangan kang muling bautismuhan gamit ang ibang pormula ng bautismo?) Sinasabi ng iba na hindi mahalaga kung ano ang sinasabi kapag ikaw ay bautismuhan. Kung ang Bibliya ay nagpapahiwatig na ito ay hindi mahalaga, kung gayon hindi mahalaga. Ngunit paano kung ang Bibliya ay nagpapakita sa atin na ito ay MAHALAGA?

Mga Gawa 19:1,2 Sila ay mga mananampalataya, ngunit narinig ba nila o natanggap ang Espiritu Santo? oo ___ hindi ___

Mga Gawa 19:3-5(7) Kailangan bang muling bautismuhan ang mga bininyagan ni Juan Bautista sa pangalan ni Jesus? oo ___ hindi ___

Mga Gawa 19:6 Ang pagtanggap ba ng Espiritu Santo ay sinamahan ng paunang katibayan ng pakikipag-usap sa ibang mga wika? oo ___ hindi ___

PAUNAWA:

Napag-alaman natin na ipinangaral ng mga Apostol ang mga sumusunod na mensahe ng kaligtasan:
 ...Ang buhay ni Cristo at ang Kanyang kamatayan, paglilibing at muling pagkabuhay
 ... Pagsisipi sa Diyos at paniniwala kay Jesucristo bilang Tagapagligtas
 ... Baptismo sa tubig sa pamamagitan ng paglulubog sa Pangalan ni Jesus
 ... Pagtanggap ng kaloob ng Espiritu Santo (na sinamahan ng paunang katibayan ng pagsasalita ng ibang mga wika)

Ngayon, basahin natin kung ano ang sinasabi ng mga Apostol tungkol sa mensahe ng kaligtasan na kanilang ipinahayag sa Aklat na Mga Gawa. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga Sulat (mga liham) na isinulat nila sa mga nagbalik-loob.

ANG MGA SULAT

Habang binabasa natin ang mga Sulat, mapapansin natin kung gaano kalakas ang pakiramdam ng mga Apostol tungkol sa ebanghelyo (magandang balita) ng kaligtasan. Ito ay hindi dahil sila ay mapanghusga. Ito ay dahil alam nila na ang Salitang ibinigay sa kanila ni Jesus upang ipahayag ay hahatulan ang lahat ng tao.

Ano Ang Sinabi ni Pedro?

“Nilinis Ninyo ang mga kaluluwa sa inyong pagtalima sa katotohanan... yamang ipinanganak kayong muli...sa pamamagitan ng salita ng Dios... at ito ang salita ng mabubuting balita na ipinangaral sa inyo” (1 Pedro 1:22-25).

**Ang pagsunod sa Salita ng Diyos ay nagpapadalisay
sa ating mga kaluluwa!**

Tanong ni Pedro...

“Ano kaya ang wakas ng mga hindi nagsisitalima sa evangelio ng Dios?” (1 Pedro 4:17,18).

Sumagot si Pablo...

“Ang Panginoong Jesus mula sa langit ng kaniyang kapangyarihan na nasa nagniningas na apoy na maghihiganti sa hindi nagsisikilala sa Dios, at sa kanila na hindi nagsisitalima sa evangelio ng ating Panginoong Jesus. Na siyang tatanggap ng kaparusahan, na walang hanggang kapahamakang mula sa harapan ng Panginoon at mula sa kaluwalhatian ng kaniyang kapangyarihan. (2 Tesalonica 1:7-9)

Ito ay walang hanggang kahalagahan na sundin ang ebanghelyo!

Ano Ang Sinabi Ni Pablo?

Ngunit may ilan na bumabagabag sa inyo, at nagnanais na baligtarin ang evangelio ni Cristo, ngunit bagaman tayo, o ang anghel na mula sa langit, ay mangangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba sa aming ipinangaral sa inyo, ay sumpain siya. Gaya ng aming sinabi nang una, gayon din naman ang sinasabi ko ngayon, kung ang sinomang tao ay mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba sa inyong tinaggap, ay sumpain siya.” (Galacia 1:7-9)

Mayroon lamang isang ebanghelyo!

Ano Ang Sinabi Ni Santiago?

“Tanggapin ninyo na may kaamuan ang salitang itinanim, na makapagliligtas ng inyong mga kaluluwa. Datapuwa’t maging tagatupad kayo ng salita, at huwag tagapakinig lamang, na inyong dinadaya ang inyong sarili. Sapagka’t kung ang sino-man ay tagapakinig ng salita at hindi tagatupad, ay katulad siya ng isang tao na tinitingnan ang kaniyang mukha sa salamin: Sapagka’t minamasdan niya ang kaniyang sarili, at siya’y umaalis at pagdaka’y kaniyang nalilimutan kung ano siya.” (Santiago 1:21-24).

Ang Salita ay nakapagliligtas sa ating mga kaluluwa!

Sinabi sa atin ni Santiago na kung nakikita natin ang isang bagay na kailangan nating gawin habang tinitingnan namin ang “salamin ng salita,” dapat nating gawin ito. Isaalang-alang natin ngayon kung ano ang gagawin natin sa ating narinig...

Wakas

NANINIWALA KA BA NA ang Salita ng Diyos ay totoo at maghuhukom sa atin?

NANINIWALA KA BA NA si Jesucristo ay Panginoon at ating Tagapagligtas?

NANINIWALA KA BA NA kailangang magsipagsisi sa pamamagitan ng pagpapasiya na tumalikod sa kasalanan at ibigay ang iyong buhay sa Diyos?

NANINIWALA KA BA NA ang bautismo sa tubig sa pangalan ni Jesucristo ay ang biblikal na paraan ng pag-pabautismo?

NANINIWALA KA BA NA na ang bautismo ng Espiritu Santo ay para sa inyo ngayon, at kapag natanggap mo ito ay magsasalita ka sa ibang mga wika, tulad ng ginawa nila sa Bibliya?

Kung naniniwala ka sa mga bagay na ito, manalangin tayo ngayon, hilingin natin sa Diyos na pahintulutan tayo na maranasan ang lahat ng kung anong mayroon Siya para sa iyo!

Mga Karagdagan sa Banal na Kasulatan

(1) Mateo 7:13-24

Babala ng Diyos tungkol sa mga bulaang propeta, at ang kahalagahan ng pagiging isang tagapagtatag at hindi lamang isang tagapagpakinig ng Salita.

(2) Mateo 16:15-19

Binigyan si Pedro ng “mga susi ng kaharian” dahil sa kanyang pagpapahayag kung sino si Jesucristo.

(3) Ibang “Dakilang Komisyon” sa banal na Kasulatan.

Sa Mateo 28:18-20 ang salitang “pangalan” ay pang-isahan sa utos na ito sa pagpabautismo. Ang mga Apostol ay sumunod sa utos na ito na magbautismo lamang sa pangalan ni Jesus, at hindi ginamit ang mga titulong binanggit dito. (Tingnan ang Mga Gawa 4:12). Ang Marcos 16:15-18 ay nagpapahiwatig ng kahalagahan ng bautismo sa tubig at naglalarawan ng mga tanda na sumusunod sa mga mananamalataya.

(4) Mateo 16:15-19

Si Pedro, na binigyan ng “mga susi ng kaharian,” ay ginagamit ang mga ito upang buksan ang “pintuan ng kaharian” sa pamamagitan ng pangangaral sa orihinal na apostolikong mensahe ng kaligtasan sa unang pagkakataon.

(5) Mga Gawa 8:35-39

Malamang na binaggit ni Felipe ang pagpabautismo noong ipinangaral niya ito sa opisyal ng Etiopia dahil hiniling ng bating na magpabautismo sa tubig. Ang salitang Griego para sa “bautismo” ay bapto na nangangahulugan ng literal na “pagtatakpan ng likido, upang ilubog.” (Tingnan din ang Roma 6:3,4.)

(6) Mga Gawa 10:34-43

Ipinangaral ni Pedro ang buhay at pagkapanginoon ni Jesucristo gayundin ang Kanyang kamatayan, paglilibing at muling pagkabuhay.

(7) 1 Pedro 3:20,21

Ayon kay Pedro, ang bautismo ay isang mahalagang bahagi ng plano ng kaligtasan.

Hinihikayat naming kayong basahin ang mga Ebanghelyo, Mga Gawa at Mga Sulat nang detalyado...at patuloy na lumakad “ sa Kanyang Kagilagilalas na Liwanag!”

Talaan

MINISTRY INFORMATION

**Para Sa Karagdagang Mga Materyales Bumisita:
onehourbiblestudy.com**

**An IHML Publication
Galen Walters, publisher
Para sa karagdagang kopya kontakin:
IHML Publishing, Inc.
BibleStudies@ihmlpublishing.com**

© 1987; 1998; 2006; 2020; 2021

Lahat Ng Karapatan ay Nakalaan.

**Ang publikasyong ito ay hindi dapat ipamahagi
maliban na lama"ng kung may pahintulot mula sa
tagapaglathala.**